Delivering the NDIS in your community

# Paketeng Gamit bago mag-aplay sa NDIS (NDIS Pre-Access Pack)
## SSI Koordinasyon ng Lokal na Lugar

Gagabayan ka ng pre-access pack na ito kung paano makatutulong ang SSI na makalapit ka sa Pambansang Iskema ng Seguro sa Kapansanan (National Disability Insurance Scheme) (NDIS). Ipapaliwanag din nito kung paanong makasusuporta sa iyo ang SSI na umugnay sa komunidad at pangkalahatang mga mapagkukunan sa inyong lokal na lugar.

## Ano ang NDIS?

Ang NDIS ay Pambansang Iskema ng Australya para sa mga taong nabubuhay nang may permanenteng kapansanan.

## Ano ang isang Tagapangasiwa ng Lokal na Lugar (Local Area Coordinator)?

Nakipagtuwang ang SSI sa National Disability Insurance Agency (NDIA) para maghatid ng mga Serbisyong Koordinasyon ng Lokal na Lugar (Local Area Coordination Services) sa NSW. Sinusuportahan namin ang mga taong may kapansanan sa edad 9 - 64 upang maisagawa ang kanilang mga layunin, makaugnay sa mga suporta sa kanilang lokal na lugar at makuha ang NDIS.

## Ano ang isang Pinuno ng Pag-unlad ng Komunidad (Community Development Officer)?

Ang mga SSI Community Development Officer (CDO) ay nagtatrabaho sa mga taong may kapansanan at sa mas malawak na komunidad para mapaigi ang pagpasok sa mga laganap at pangkomunidad na suporta at serbisyo sa pamamagitan ng pag-angat ng kamalayan at pagbabahagi ng impormasyon. Nakikipagtulungan ang aming mga community development officer sa mga panloob at panlabas na mga katuwang (stakeholders) upang maitaguyod ang pagsasama-sama at mga oportunidad sa trabaho. Namumuno din at nag-aambag ang mga Community Development officer sa pagpaplano ng mga proyektong naglalayong harapin ang mga hamon at hadlang sa loob ng komunidad.

## Ano'ng suporta ang pinopondohan ng NDIS?

Nagbibigay ang NDIS ng makatuwiran at kinakailangang pagpopondo sa mga taong may permanente at malubhang kapansanan para magamit ang mga suporta at serbisyong kailangan ng kalahok para magkaroon ng normal na pamumuhay.

## Pagiging karapat-dapat

Upang maging karapat-dapat para sa NDIS, mayroon ka dapat kapansanan sanhi ng pagkabalda o kumbinasyon ng mga pagkabalda na maaaring maging permanente at may malaking epekto sa iyong pang araw-araw na mga gawain. Kapag nag-aplay, ikaw ay dapat na mas bata pa sa edad na 65, Australian citizen, may hawak na permanenteng visa o may hawak ng espesyal na kategoryang protektadong visa at naninirahan sa Australya.

## Paano mag-aplay?

Matutulungan ka ng SSI na maintindihan at makapag-aplay para makapasok sa NDIS.
Tatalakayin natin kung ano ang iyong mga layunin, titingnan ang mga kasulukuyan mong network ng suporta at makikipagtrabaho sa iyo para galugarin ang mga karagdagang suportang pangkomunidad at pangkalahatan na gugustuhin mong ugnayan.

Tatalakayin namin sa iyo kung anong ebidensya ang kailangan mo para makapasok sa NDIS. Ang iyong GP, kaalyadong pangkalusugang propesyunal at/o espesyal na pangkalusugang medikal ay makatutulong sa iyong ihanda at ibigay ang mga impormasyon at ebidensiyang kailangan.

Kailangang kumpirmahin ng ebidensiyang ito ang pagsusuri ng iyong kapansanan kasama kung paano ito nakaka-apekto sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Tulad ng, kung paano ang iyong pagkilos, komunikasyon, pakikipag-ugnayan sa lipunan, pag-aaral, pangangalaga o pangangasiwa ng iyong sarili ay naaapektuhan sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang Local Area Coordinator (LAC) ay makikipagpulong sa iyo upang talakayin ang isang Planong Pakikipag-ugnayan sa Komunidad (Community Connections Plan). Ang nakatalang impormasyon sa Community Connections Plan ay tungkol sa iyong buhay, mga layunin at kung paano mo gustong makipagtrabaho sa kanila. Ang ibang mga impormal, pang-komunidad at pangkalahatang suporta at serbisyo na maaaring makatulong sa pagtrabaho mo sa iyong mga layunin ay nakalista rin para masubaybayan mo ang mga tumutulong sa iyo

Pagkatapos mong matipon ang mga ebidensiyang pangsuporta mula sa iyong pangkalusugang propesyunal, aayusin ng iyong LAC ang Access Request Meeting sa iyo upang matipon ang mga impormasyon tungkol sa pang-araw-araw mong pamumuhay at maintindihan kung anong mga suporta ang makakatulong sa iyo.

## Ano ang iyong kakailanganin:

- Ebidensya ng iyong pagkakakilanlan (kasama ang pruweba ng iyong edad at tirahan). Maaari mong tingnan ang papel-kaalaman ng Ebidensya ng Pagkakakilanlan (Evidence of Identity) na kalakip sa paketeng ito.
- Ebidensya ng pagka-permanente ng iyong kapansanan mula sa iyong espesyalistang manggagamot. Ang ebidensiyang ito ay dapat naglalaman ng kung paano naaapektuhan nito ang iyong pang-araw-araw na buhay.

- Mga halimbawa ng mga propesyunal na manggagamot:
  i. Paediatrician
  ii. Psychiatrist
  iii. Psychologist
  iv. Occupational Therapist
  v. Speech Pathologist (Therapist)
  vi. Physiotherapist
  vii. General Practitioner (GP)

I-scan ang QR code upang mabisita ang **NDIS website "Pag-aplay sa NDIS":**

## Paano isusumite ang iyong ebidensya sa NDIA:

**Personal:** Maaari mong ipakita ang iyong orihinal na mga dokumentong pagkakakilanlan nang personal sa opisina ng SSI LAC o sa opisina ng NDIA. Aming titingnan ang mga dokumento kung ang mga ito ay totoo, gamit ang National Document Verification Service (DVS). Kung hindi mo kami bibigyan ng pahintulot na gamitin ang DVS, kailangan naming tumanggap ng mga kopya ng iyong dokumento ng pagkakakilanlan. Ang mga kopya ng mga dokumento ng iyong pagkakailanlan at mga ebidensyang suporta ay pwedeng ipadala sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

**Email**:

- Ang **Evidence of Identity** ay dapat ipadala sa: enquiries@ndis,gov.au
  Ang mga Scan ay dapat malinaw at madaling mabasa, at may kulay. Kung sakaling may impormasyon sa likod ng kard o dokumento, dapat din itong i-scan.
- Anumang suportang ebidensya kasama ang mga report mula sa mga pangkalusugang propesyonal ay dapat direktang i-email sa iyong LAC o ipadala sa: ssilac@ndis.gov.au

**Mail:** GPO Box 700, Canberra, ACT 2601

## Kailan ko malalaman?

Ang NDIS ay magpapadala ng kasulatan sa loob ng 21 araw ng negosyo upang ipaalam sa iyo kung ikaw ay karapat-dapat o kung kailangan pa ng karagdagang impormasyon kasama ang susunod na mga hakbang.

## Paano kung hindi ako karapat-dapat sa NDIS?

Ang SSI ay kikilos kasama ka sa paggalugad at pagsali sa ibang mga serbisyong makukuha sa loob ng iyong lokal na lugar na maaari kang suportahan sa pagtatrabaho patungo sa iyong mga layunin. Kikilos kami kasama ka upang matukoy ang mga hakbang na gusto mong tahakin para makamit ang iyong mga layunin sa iyong Community Connections Plan. Maaari mong makita pa kung paanong sinusuportahan ng SSI ang mga taong may kapansanan na maka-

ugnay sa komunidad at mga pangkalahatang serbisyo sa pamamagitan ng pagbisita sa aming pahinang “Your stories” sa aming website.

I-scan ang QR code para mabasa ang **Your Stories webpage:**

# Mga Suportang Pang-krisis

## Mga Serbisyong Pang-Emerhensya:

- Kung ikaw ay nakakaranas ng emerhensya, tawagan ang Tatlong Zero **(000)** o TTY **(106)** para sa Pulis, Ambulansya o Fire services,

- **Non-Emergency Police Assistance Line**

  Tawagan ang 131 444 para makontak ang Pulis liban kung nasa emerhensya.

## Kalusugang Pangkaisipan & Suportang Pang-Krisis (Mental Health & Crisis Support):

- **Lifeline 24/7 Crisis Support**

  Tawagan ang 13 11 14 o mag-Text sa 0477 131 114

  Sinuman sa Australya na nakakaranas ng personal na krisis ay maaaring tumawag sa Lifeline. Maaari ka ring mag-chat online sa isang sinanay na Crisis Supporter Online sa lifeline website. http://www.lifeline.org.au/

- **Mental Health Line NSW**

  Tumawag sa 1800 011 511

  Ang NSW Health 24/7 ay teleponong serbisyo na nag-uugnay sa mga tao sa NSW Health mental services.

- **Aboriginal and Torres Strait Islander NSW Mental Health Line**

  Tumawag sa 13YARN (13 92 76)

  Ang NSW Mental Health Line ay nagbibigay ng 24/7 na ligtas na serbisyong pangkultura para sa mga tao na nagpapakilalang Aboriginal at Torres Strait Islander.

- **Transcultural Mental Health Line**

  Tumawag sa 1800 648 911

  Ang Transcultural Mental Health line ay isang serbisyong telepono na magagamit para

sumuporta sa mga taong naninirahan sa NSW at nanggaling sa mga komunidad na magkakaiba ang kultura at wika.

Ang Linya ay gumagana mula **Lunes hanggang Biyernes** sa pagitan ng **9:00 am at 4:30 pm**.

- **Kids Helpline**

  Tumawag sa 1800 55 1800

  24 /7 kumpidensyal na suporta para sa mga Bata online at telepono sa pagpapayong serbisyo para sa kabataang edad 5 hanggang 25.

## Suportang Pantahanan:

- **LINK 2 HOME**

  Tumawag sa 1800 152 152

  Mula **9am** hanggang **10pm** araw-araw ang Link 2 Home ay nagbibigay sa mga tumatawag ng impormasyon, mga pagsusuri at pagsasangguni sa mga serbisyong suporta para sa mga walang tirahan at matutuluyan sa NSW.

  Sa pagitan ng mga oras na **10pm** at **9am** ang Link 2 Home ay nagbibigay lamang ng impormasyon at pagtatasa at magsasangguni sa mga serbisyong emerhensya kung kakailanganin.

- **Department of Communities and Justice**

  Tumawag sa 1800 422 322

  Nakikipagtulungan sa mga pantahanang serbisyong suporta upang tumugon sa kawalang tirahan sa NSW at makapagbigay ng abot-kayang pabahay para sa lahat.